Status ng Citizenship (Katayuan ng Pagkamamamayan) at Pagiging Karapat-dapat sa Tulong para sa Sakuna)

Release Date: Nobyembre 14, 2019

Q. Kung ako ay isang imigranteng walang legal na dokumento, karapat-dapat ba ako para sa tulong para sa mga pangangailangang may kaugnayan sa sakuna?

A: Oo, maaari kang maging karapat-dapat sa ilalim ng maraming iba't ibang programang pinapatakbo ng mga boluntaryong ahensya para sa iba't ibang uri ng tulong. Kabilang sa mga ito ang:

American Red Cross 866-438-4636 (Ingles) 800-257-7575 (Espanyol) Catholic Charities 888-744-7900 (Ingles at Espanyol)

Q. Paano naaapektuhan ng aking citizenship status (katayuang pagkamamamayan) ang aking pagiging karapat-dapat para sa tulong?

A: HINDI mo kailangang maging citizen ng Estados Unidos, national na hindi citizen o Kuwalipikadong Alien para makatanggap ng tulong.

Ngunit, dapat kang maging citizen ng Estados Unidos, national na hindi citizen o Kuwalipikadong Alien para sa gawad na cash mula sa Individuals and Households Program (Programa para sa mga Indibidwal at Sambahayan) ng FEMA. Dagdag-dito, dapat kang maging citizen ng Estados Unidos, national na hindi citizen o Kuwalipikadong Alien para maging karapat-dapat para sa Disaster Unemployment Assistance (Tulong sa Pagkawala ng Trabaho Dahil sa Sakuna). Ngunit maaari kang mag-apply sa ngalan ng iyong anak na citizen ng Estados Unidos, o isa pang adult na miyembro ng sambahayan ang maaaring gawing kuwalipikado ang sambahayan para sa tulong.

Kahit na ikaw o ang iyong pamilya ay hindi kuwalipikado para sa tulong na cash ng FEMA (Individuals and Households Program), mangyaring tawagan ang FEMA sa 800-621-3362 o 800-462-7585 (TTY para sa may kapansanan sa

pagdinig/pananalita) para sa impormasyon at upang mai-refer sa iba pang mga programang maaaring tumulong sa iyo anuman ang iyong katayuang pang-imigrasyon.

Q. Ibabahagi ba ang impormasyon sa pagpaparehistro sa imigrasyon o iba pang mga ahensyang tagapagpatupad ng batas?

A: Hindi magiging kusang aktibo ang FEMA sa pagbibigay ng impormasyon ng aplikante sa imigrasyon o mga organisasyong tagapagpatupad ng batas. Ngunit, sa mga bibihirang pagkakataon, batay sa espesipikong kahilingan, maaaring ibahagi ang personal na impormasyon ng aplikante sa loob ng Department of Homeland Security (Kagawaran ng Pambansang Seguridad). Napapailalim sa Kagawaran ang Federal Emergency Management Agency (Pederal na Ahensya sa Pamamahala ng Emerhensya), Customs and Border Protection (Adwana at Proteksyon ng Hangganan), Citizenship and Immigration Services (Mga Serbisyong Pagkamamamayan at Pang-Imigrasyon), Immigration and Customs Enforcement (Pagpapatupad sa Imigrasyon at Adwana), Transportation Security Administration (Pangasiwaan sa Seguridad ng Transportasyon), United States Coast Guard (Tanod Baybayin ng Estados Unidos), United States Secret Service (Sekretang Serbisyo ng Estados Unidos) at Federal Law Enforcement Training Center (Pederal na Sentro ng Pagsasanay sa Pagpapatupad ng Batas).

Q. Kung ako ay isang imigranteng walang legal na dokumento, maaari ba akong mag-apply sa ngalan ng aking anak na ipinanganak sa Estados Unidos?

A: Oo, maaari kang mag-apply sa ngalan ng iyong menor de edad na anak (mababa sa edad na 18 taon) para sa tulong na cash ng FEMA (Individuals and Households Program Assistance) kung magkasama kayo sa tirahan.

Hindi mo kailangang magbigay ng anumang impormasyon tungkol sa iyong immigration status (katayuang pang-imigrasyon) o pumirma ng anumang mga dokumento tungkol sa iyong status.

Q. Kailangan ko ba ng Social Security number para magparehistro para sa tulong na cash ng FEMA (Individual and Households Program Assistance)?

A: Kung nag-a-apply ka para sa tulong sa sakuna na may kasamang cash na benepisyo, dapat mong ibigay ang iyong Social Security number. Kung nag-a-apply ka sa ngalan ng iyong menor de edad na anak, dapat mong ibigay ang kanyang Social Security number.

Q. Kung mayroon akong Social Security, karapat-dapat ba ako para sa tulong sa cash ng FEMA (Individuals and Households Program) bilang isang "Kuwalipikadong Alien?"

A: Hindi naman. Ang pagkakaroon ng isang Social Security number ay hindi agad awtomatikong nangangahulugang ikaw ay isang kuwalipikadong Alien. Maaari kang namamalagi sa Estados Unidos sa legal na paraan at may Social Security Number ngunit hindi isang Kuwalipikadong Alien.

Q. Anu-ano ang mga iniaatas para sa citizenship (pagkamamamayan)/imigrasyon para makatanggap ng cash na tulong?

A: Dapat kang maging isang citizen ng Estados Unidos, national na hindi citizen, o isang Kuwalipikadong Alien upang maging karapat-dapat para sa tulong na cash ng FEMA (Individuals and Households Program) at Disaster Unemployment Assistance.

- Kabilang sa pagiging Kuwalikadong Alien ang sinumang legal na permanenteng residente (may hawak ng "Green Card"). Kabilang sa Iba Pang mga Alien ang:
  - Mga Refugee
  - Status ng Pagiging Refugee
  - Pagpapaliban ng deportasyon
  - Parolado sa Estados Unidos ng hindi bababa sa isang taon
  - Isang Cuban-Haitian entrant (Status na Nakabinbin)
  - Mga partikular na alien na sumasailaim sa pambubugbog o labis na kalupitan o isang kamag-anak

    - Mga partikular na biktima ng trafficking (pagbebenta ng tao).
- Dapat kumunsulta ang mga aplikante sa isang eksperto sa imigrasyon tungkol sa kung ang kanilang immigration status ay napapailalim sa kategorya ng Kuwalipikadong Alien.
- Hihilingin sa iyong pirmahan ang Declaration and Release (Deklarasyon at Paglalabas ng Pahayag) (FEMA Form 009-0-3) na ikaw, o isang miyembro ng iyong sambahayan, ay isang citizen ng Estados Unidos, national na hindi citizen, o isang Kuwalipikadong Alien.
- Kung hindi mo mapipirmahan ang Declaration and Release form, maaaring pumirma ang isang karapat-dapat na adult na miyembro ng sambahayan, at walang impormasyon tungkol sa iyong status ang lilikumin.
- Pagkatapos mong magparehistro sa ngalan ng anak o iba pang taong kuwalipikado para sa tulong sa sakuna ng FEMA, maaaring humingi ang FEMA ng mga sumusuportang dokumento gaya ng birth certificare para sa kuwalipikadong anak at katibayan ng pagkamamamayan, gaya ng pahayag sa mortgage o singil sa utilidad.

Kabilang sa tulong para sa mga karapat-dapat na indibidwal at maliliit na negosyo ang mga pondo para sa pansamantalang pabahay at mga kinakailangang pagkukumpuni, gawad para sa indibidwal at sambahayan, tulong sa pagkawala ng trabaho dahil sa sakuna, mga loan para sa sakuna na may mababang interes mula sa Small Business Administration (Pangasiwaan para sa Maliliit na Negosyo ng Estados Unidos) at iba pang mga programa.

Ang lahat ng tulong sa sakuna ng FEMA ay ibibigay nang walang diskriminasyon batay sa lahi, kulay ng balat, kasarian (kabilang ang sekswal na oryentasyon), relihiyon, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, limitadong kasanayan sa Ingles, katayuang pang-ekonomiya, o paghihiganti. Kung naniniwala kang nilabag ang iyong mga sibil na karapatan, tumawag sa 800-621-3362 o 800-462-7585 (TTY/TDD).

Mayroong tulong para sa mga residente ng mga county ng Chambers, Harris, Jefferson, Liberty, Montgomery, Orange at San Jacinto, na nagtamo ng mga pagkawala ng ari-arian mula Setyembre 17-23. Ang huling araw ng pag-apply para sa tulong ay Disyembre 3, 2019.

Upang madagdagan ang kaalaman tungkol sa pagbangon mula sa bagyong Imelda, bumisita sa www.fema.gov/disaster/4466 at tdem.texas.gov/imelda-recovery-resources/. I-follow kami sa Twitter sa www.twitter.com/femaregion6 at sa blog ng FEMA sa blog.fema.gov.

I-follow ang FEMA online sa twitter.com/FEMARegion6, www.fema.gov/blog, www.twitter.com/fema, www.twitter.com/FEMAespanol, www.facebook.com/fema, www.facebook.com/FEMAespanol *at* www.youtube.com/fema

###
Misyon ng FEMA ang pagtulong sa mga tao bago, sa panahon ng at pagkatapos ng mga sakuna

Para sa higit pang impormasyon sa hinggil sa Bagyong Imelda at pagbangon ng Texas, bumisita sa webpage ng Bagyong Imelda sa www.fema.gov/disaster/4466, sa Twitter account na @FEMARegion6 Twitter account, www.fema.gov/txmit at sa website ng Texas Division of Emergency Management (Dibisyon ng Pamamahala sa Emerhensya ng Texas) . Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 800-462-7585.

Ang Small Business Administration (Pangasiwaan para sa Maliliit na Negosyo) ng Estados Unidos ay ang pangunahing pinagmumulan ng pondo ng pederal na pamahalaan para sa pangmatagalang muling pagpapatayo ng mga pribadong ari-ariang nasalanta ng sakuna. Tinutulungan ng SBA ang mga negosyo, anuman ang laki, pribadong organisasyong hindi pangkalakal, may-ari ng tirahan at umuupa sa pagpopondo ng mga pagkukumpuni at mga pagsisikap sa muling pagpapatayo at sinasagot ang gastos sa pagpapalit sa personal na ari-ariang nawala o nasira ng sakuna. Para sa higit pang impormasyon, maaaring makipag-ugnay ang mga aplikante sa Disaster Assistance Customer Service Center (Tanggapan ng Serbisyo sa Kostumer para sa Tulong sa Sakuna) ng SBA sa 800-659-2955. Maaaring ring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 800-877-8339. Maaari ring mag-email ang mga aplikante sa disastercustomerservice@sba.gov o bisitahin ang SBA sa www.SBA.gov/disaster.